International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

# FLEXIBLE TEACHING AND LEARNING IN THE FILIPINO PROGRAM: TOWARDS THE INSTITUTIONALIZATION OF BLENDED LEARNING IN HIGHER EDUCATION INSTITUTIONS (HEIS)

**RUMUSUD, MICHELLE-ANN L**
Isabela State University, Cabagan Campus
michrumusud.9@gmail.com

## Abstract

With the advancement of the education system toward digitalization, changes and innovations have been rapidly embraced. In response, the researcher examined various components of blended learning to develop a foundational program in Filipino for its institutionalization in Higher Education Institutions (HEIs) in Region 02. This initiative aims to assist stakeholders by addressing the specific needs and demands of teaching and learning in a blended learning environment. This study covers the platforms and modalities used in blended learning, the challenges faced by stakeholders, as well as their adaptive mechanisms. The scope of this research is limited to selected students, and teachers, from chosen public and private universities in Region 02. A descriptive-analytical research design was employed, utilizing quantitative methods. The results from aspects of the analysis will serve as the foundation to effectively institutionalize blended learning in Filipino for HEIs in Region 02.

***Keywords:*** *blended learning; adaptive mechanisms; synchronous and asynchronous*

# FLEKSIBOL NA PAGTUTURO AT PAGKATUTO SA PROGRAMA NG FILIPINO: TUNGO SA INSTITUSYONALISASYON NG BLENDED LEARNING SA HIGHER EDUCATION INSTITUSTIONS (HEIs)

## Abstrak

Sa pag-unlad ng sistema ng edukasyon patungo sa digitalisasyon, mabilis na tinanggap ang mga pagbabago at inobasyon. Dahil dito, pinag-aralan ng mananaliksik ang iba’t ibang komponent ng blended learning para sa institusyonalisasyon nito sa Higher Education Institutions (HEI’s) sa Rehiyon 02 na makatutulong sa mga stakeholder, batay sa partikular na pangangailangan at kahilingan ng pagtuturo at pagkatuto sa blended learning. Sasaklawin nito ang mga platform at modalidad na ginagamit, ang mga hamon at adaptibong mekanismo ng mga stakeholder sa blended learning. Nilimita ang pag-aaral na ito sa mga piling mag-aaral, at guro sa mga piling pampubliko at pampribadong unibersidad sa Rehiyon 02. Ginamit ang deskriptib-analisis na disenyo sa pamamagitan ng kwantiteytib na pamamaraan. Ang resulta ng pagsusuri ay magsisilbing batayan para sa epektibong institusyonalisasyon ng blended learning sa Filipino ng HEI’s sa Rehiyon 02.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

***Susing salita:*** *blended learning; adaptibong mekanismo; synchronous at asynchronous learning; New Normal; at institusyonalisasyon*

**Introduksyon**

Sa pag-unlad ng sistema ng edukasyon patungo sa digitalisasyon, mabilis na tinanggap ang mga pagbabago at inobasyon. Bilang hakbang sa mga pagbabago na kinakailangan ng edukasyon, maraming institusyon ang naglalayong mapabuti ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Ang implementasyon ng *blended learning* sa Higher Education Institutions (HEI's), ay lumaganap sa buong mundo bilang isang modernong paraan ng pagtuturo-pagkatuto (Ross at Gage 2006, p. 167).

Kaugnay nito, isinaalang-alang ang mga pandaigdigang layunin para sa sustenableng pag-unlad, partikular ang *United Nations Sustainable Development Goal 4* (UNSDG 4), na naglalayong tiyakin ang inklusibo at de-kalidad na edukasyon para sa lahat, at ang *Sustainable Development Goal 13* (SDG 13), na nakatuon sa agarang aksyon sa pagbabago ng klima. Ang pagsasanib ng mga prinsipyong ito na nauugnay sa blended learning ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad upang mapalawak ang edukasyon, mapababa ang epekto ng *carbon footprint* (kabuuang dami ng *carbon dioxide* ($CO_2$) na inilalabas ng isang indibidwal sa atmospera) mula sa tradisyunal na face-to-face learning, at nang mahubog ang mga mag-aaral upang maging mas mulat at responsable sa mga isyung pangkapaligiran.

Sa ganitong konteksto, nagiging mahalaga ang papel ng blended learning hindi lamang sa pagpapalakas ng sistema ng edukasyon kundi pati na rin sa pangangalaga sa kalikasan. Sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya, nagkakaroon ng mas inklusibo, epektibo, at sustenableng paraan ng pagkatuto na umaayon sa mga pandaigdigang mithiin para sa isang mas maunlad at responsableng hinaharap. Sa ganitong konteksto, nagbibigay ang blended learning ng pagkakataon sa mga mag-aaral na magkaroon ng mas malawak na pag-unawa sa mga isyung pangkalikasan, habang pinapabuti ang kakayahang matuto at umangkop sa mga pagbabago- isang mahalagang hakbang sa pagbuo ng responsableng mamamayan sa kabila ng mga hamong nararanasan.

Ang *blended learning* ay isang makabagong dulog o istilo ng pagkatuto-pagtuturo na kombinasyon ng harap-harapang pagkaklase (face to face class) at *online* na pagkatuto (online learning) na may pinaikling oras sa mga mag-aaral na manatili sa silid-aralan, sa layuning mapabuti ang pangkalahatang karanasan sa pag-aaral (Lewis at Parsad 2008, p. 1). Ito ay nagbibigay-daan sa mas malawakang oportunidad para sa pagkatuto, anuman ang lokasyon at sitwasyon ng mag-aaral. Sa mga nagdaang taon, lubusang tinanggap at patuloy na nagiging isang praktisya ang *blended learning* sa mga institusyon

Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng blended learning, layunin ng Komisyon ng Mas Matass na Edukasyon (CHED) na mapalawak ang pagkakataon para sa patuloy na pagbibigay ng kalidad na edukasyon, at oportunidad para sa pangmatagalang pag-unlad ng indibidwal (*lifelong learning*) at ng lipunan (CMO No.4 Series of 2023).

Kaugnay sa nasabing CHED Memorandum Order (CMO) sa Flexible Learning, isa sa mga pangunahing isyu na lumitaw ay ang paghahati ng mga pamamaraan ng pagkatuto-

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

pagtuturo, na naglalaman ng dalawang pangunahing uri: ang face-to-face at online na pagtuturo-pagkatuto. Ang porsyento ng paghahati ay naglalarawan ng proporsyon ng bawat pamamaraan sa kabuuan ng kurso o programa ng isang institusyon. Ang porsyento ng face-to-face at online na pagkatuto ay maaaring mag-iba, depende sa mga salik o sitwasyong nararanasan, tulad ng lebel ng kalagayan ng pandemya, kagamitan at teknolohiya ng paaralan, at pangangailangan ng mga mag-aaral. Halimbawa, maaaring itakda ng isang institusyon na ang 60% ng pagkatuto ay isasagawa sa face-to-face na pamamaraan habang ang natitirang 40% ay gagamitin sa online na plataporma, depende sa sitwasyon na kinakailangang tugunan sa isang institusyon.

Sa pamamagitan ng ganitong porsyento ng paghahati, isinaalang-alang ang layunin ng Komisyon na masiguro na mayroong sapat na balanse at adaptasyon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na may pagsaalang-alang sa kalagayan at pangangailangan ng bawat institusyon. Ang face-to-face na pagkatuto ay nagbibigay ng oportunidad para sa pisikal na interaksyon at direktang pagtuturo mula sa guro, habang ang online na pagkatuto ay nagbibigay ng *flexibility* at *access* sa paggamit ng mga kagamitang pampagkatuto sa anumang oras at lugar. Bilang kabuuan sa nasabing memorandum, mahalaga ang tamang pagtakda ng porsyento ng face-to-face at online na pagkatuto sa pagsuporta sa kalidad at epektibong pag-aaral ng mga mag-aaral sa ilalim ng *flexible learning framework* na itinakda ng Komisyon. (CMO No.4 Series of 2020).

Dahil dito, nagkaroon ng malaking pangangailangan na sanayin ang mga stakeholder sa *blended learning* upang magkaroon ng kalidad na edukasyon sa Higher Education Institutions (HEI's) (Molar, 2017). Upang maging mabisa at/o epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral, kinakailangan ng mahusay at angkop na paggamit ng iba't ibang modalidad, plataporma at pamamaraan ng pagkatuto-pagtuturo sa blended learning, sapagkat nakabatay ito sa epektibong paraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili, at mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral (Attard at Holmes, 2020).

Bagamat nagbibigay ang teknolohiya ng malawak na solusyon sa edukasyon tungo sa epektibong pagkatuto, marami rin ang nagdududa sa kakayahan nito sa edukasyon. Iniisip ng iba na nagdudulot ito ng pagkagambala o hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ngunit napakakaunti lamang ito kung ihahambing sa mga benepisyong maaari nitong maibigay. Ang blended learning ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makita, maramdaman, mapakinggan at makipag-ugnayan sa mga aralin mula sa mga teorya tungo sa praktikal na mga gawain na nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga abstrak na matutuhan ng mga mag-aaral (Bath at Bourke, 2010). Kaugnay nito, maaaring mag-aral ayon sa bilis ng pagkatuto na nagbibigay-daan para sa mas personalisadong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng pag-unawa sa mga aralin ay maaaring mag-*expand* o palawakin ang pag-aaral sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga aralin na hindi kasama sa silabus (Ismail, et. al., 2018). Gayunpaman, ang iba namang mag-aaral na hindi ganoon kabilis na matuto ay maaaring ulitin at balikan ang mga aralin at tala, gayundin na malaman ang puna o pidbak mula sa kanilang mga guro (Bervell, B., & Umar, I. N. (2018).

Ang pagkakaroon ng eksklusibong programa sa blended learning ay nakapagtataguyod sa mga pangangailangang kailangang tugunan sa pagtuturo-pagkatuto, tulad ng pagtutok sa iba't ibang estilo ng pag-aaral, paglinang ng mga makabagong teknolohiyang kagamitang pampagtuturo, mga kasanayang teknolohikal, nang sa gayon ay matagumpay na maitaguyod ang blended learning. (Garrison, D. R., at Kanuka, H., 2004)

**Paglalahad ng Suliranin**

Nilalayon ng pag-aaral na bigyang-kasagutan ang mga sumusunod na tiyak na tanong:

1. Paano ipinatutupad ang blended learning sa Filipino ng mga piling pampubliko at pampribadong unibersidad sa Rehiyon 2?

2. Anu- ano ang mga hamong nararanasan ng mga stakeholder sa pagpapatupad ng Blended Learning sa Filipino?

2.1 Mga Mag-aaral

2.2 Mga Guro

3. Anu-ano ang mga adaptibong mekanismo ng mga stakeholder sa pagbibigay solusyon sa mga hamong nararanasan sa pagpapatupad ng Blended Learning sa Filipino?

**Metodolohiya**

Ginamit sa pag-aaral ang deskriptib-analisis na disenyo ng pananaliksik sa pamamagitan ng pamamaraang kwantiteytib.

Ang mga respondente sa pag-aaral ay nanggagaling sa anim (6) na unibersidad sa Hilagang bahagi ng Luzon sa Rehiyon 02 na kinabibilangan ng tatlong pampubliko at tatlong pampribadong unibersidad: ang Cagayan State University (CSU) - Andrews Campus, Isabela State University (ISU) - Cabagan Campus, Nueva Vizcaya State University (NVSU) – Bayombong Main Campus, Medical Colleges of Northern Philippines- International School of the Asia and Pacific (MCNP-ISAP), University of Cagayan Valley (UCV), at Saint Joseph’s College of Baggao (SJCB).

Ang mga nakalap na datos ay itinabyuleyt at sinuri upang mas mapadali ang pagsasaayos at pagtatalakay. Ginamit ang *frequency counts* at *percentage mean* sa suliranin kung paano ipinapatupad ang blended learning, mga hamong nararanasan, at mga adaptibong mekanismo ng mga stakeholder sa Blended learning.

**Resulta at Diskasyon**

Matutunghayan sa Talahanayan 1.1 ang pangkalahatang distribusyon ng mga katugunan ng mga respondente sa mga ginagamit na modalidad sa pagpapatupad ng

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

blended learning. Pinatunayang ang hybrid o limited face-to-face class ang may

| Mga Modalidad sa Pagpapatupad ng Blended Learning | **Mag-aaral** (N=144) | | | **Fakulti** (N=24) | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | **F** | **%** | **R** | **F** | **%** | **R** |
| 1. Full face to face class | 36 | 25 | 3 | 8 | 33.33 | 2 |
| 2. Limited face to face | 34 | 23.61 | 4 | 5 | 20.83 | 4 |
| 3. Hybrid o Limited face to face class at online/synchronous | 94 | 65.28 | 1 | 14 | 58.33 | 1 |
| 4. Limited face to face class at offline/asynchronous | 41 | 28.47 | 2 | 7 | 29.17 | 3 |
| 5. Purong online class | 6 | 4.17 | 5.5 | 0 | 0 | 0 |
| 6. Purong offline class | 6 | 4.17 | 5.5 | 0 | 0 | 0 |

pinakamataas na modalidad sa pagpapatupad ng blended learning sa mga mag-aaral (94 o 65.28%) at sa mga fakulti (14 o 58.33%). Ang mataas na pagtanggap sa hybrid o limited face-to-face class ay pinatataas ang kasanayan sa pagkatuto at nagkakaroon ng positibong karanasan sa mag-aaral na sinusuportahan ng pananaliksik na isinagawa ni Kuo et al. (2020).

**Talahanayan 1.1. Ginagamit na Modalidad sa Pagpapatupad ng Blended Learning**

Mula sa pagsusuri ng datos sa Talahanayan 1.2, lumilitaw na may mga makabuluhang *trend* sa paggamit ng iba't ibang *teaching* at *learning platforms* ng mga stakeholder. Mapapansin

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

na nangunguna ang google meet (89.58%) sa online platform, at printed modules (69.44%) naman sa offline na platform ang may pinakamataas na porsyento na ginagamit. Ipinapakita nito ang kagustuhan ng mga mag-aaral sa synchronous at asynchronous na pag-aaral. Ang mataas na porsyento ng paggamit ng *printed modules* ay nagmumungkahi na hindi lahat ng estudyante ay may akses sa *internet* o mga *device* na kinakailangan para sa *online learning* (UNESCO, 2020). Kung mapapansin sa hanay ng mga fakulti, ang google meet (66.67%), google classroom (62.50%) at zoom (45.83%) ang may mataas na naitalang datos na ginagamit.

**Talahanayan 1.2 Ginagamit na Flexible Teaching and Learning Platforms ng Blended Learning**

| | Mag-aaral (N=144) | | | Fakulti (N=24) | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Online** | **F** | **%** | **R** | **F** | **%** | **R** |
| Zoom | 81 | 56.25 | 3 | 11 | 45.83 | 3 |
| Google meet | 129 | 89.58 | 1 | 16 | 66.67 | 1 |
| Google Classroom | 89 | 61.81 | 2 | 15 | 62.50 | 2 |
| Ms Teams | 37 | 25.69 | 4 | 6 | 25.00 | 4 |
| Edmodo | 29 | 20.14 | 5 | 1 | 4.17 | 5 |
| Iba pa. | | | | | | |
| **Offline** | | | | | | |
| Printed Modules | 100 | 69.44 | 1 | 16 | 66.67 | 1 |
| Hand-outs | 78 | 54.17 | 2 | 12 | 50.00 | 2 |
| Iba pa. | 0 | 0 | | 0 | 0 | |

Ang mga fakulti ay tila mas kumportable sa mga platform na nagbibigay-diin sa mabilis, simple at kumbinyenteng gamitin sa pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral na nagkakaroon ng kakayahang makapagbigay ng madaliang akses sa pagtuturo. (Palvia et al., 2021).

Makikita sa Talahanayan 2.1 ang mga hamong nararanasan sa mga mag-aaral sa blended learning. Masasabing malaking hamon para sa mga mag-aaral ang pamamahala ng oras sa blended learning sapagkat naitalang may pinakamataas na bahagdan ang hamong *hindi sapat ang oras o nakukulangan ako ng panahon sa pag-aaral lalo na kung mahirap ang mga gawaing pampagkatuto at may nakaset na dealine ng pagpasa* na may frekwensi 135 (93.75%). Sa pamamagitan ng maayos na pamamahala ng oras, nagiging mas produktibo ang mga mag-aaral at nakatutok sa pag-abot ng kanilang mga layunin sa pag-aaral. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral, ay mas produktibo, mas mahusay sa pagtugon ng deadlines, at mas may kakayahan na balansehin ang mga akademikong obligasyon kasama ang mga personal na interes at pag-unlad. Pumapangalawa ay ang *naninibago ako sa paraan ng ganitong pagkatuto* na may naitalang frekwensi na 133 (92.36%). Pumapangatlo ang *hindi sumasapat ang aking natutunan sa blended learning* na may frekwensi na 132 (91.67%). Ang kakulangan sa natutunan ay maaaring maiugnay sa

 ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

mga hadlang sa pag-access ng impormasyon at mga materyales, pati na rin sa kakulangan ng interaksyon sa mga guro at kapwa mag-aaral. Moore, (2013)

**Talahanayan 2.1 Mga Hamon sa mga Mag-aaral ng Blended Learning**

Sa Talahanayan 2.2 nailahad ang datos sa mga hamong nararanasang sa mga fakulti ng blended learning. Nangunguna ang *nakakapagod/matrabaho ang ganitong uri ng platform ng pagtuturo* na may frekwensi na 22 (91.67%). Pumapangalawa ang nahihirapan akong isagawa nang sabay ang onsite at online na pagkaklase na may naitalang datos na 21 (87.5). Ipinakikita mula sa datos na lahat ng mga hamong nabanggit mula sa talahanayan, ay may gurong nararanasan ito. Sa kabila ng mga hamong ito, ipinapakita lamang na ang pagbabago sa sistema ng edukasyon ay puno ng mga oportunidad na dapat yakapin. Dahil dito, ang papel na ginagampanan ng mga guro ay nagiging mas kritikal at makahulugan sa pag-unlad ng mga mag-aaral at ng buong sistema ng edukasyon.

**Talahanayan 2.2 Mga Hamon ng mga Fakulti sa Blended Learning**

| Hamon sa Blended Learning | Mag-aaral (N=144) | | |
|---|---|---|---|
| | **F** | **%** | **R** |
| 1. Mahina ang internet connection tuwing ako ay nag-aaral. | 127 | 88.19 | 4 |
| 2. Naninibago ako sa paraan ng ganitong pagkatuto. | 133 | 92.36 | 2 |
| 3. Hindi ganap na nahahasa ang aking kakayahan sa pagkatuto sa blended learning. | 126 | 87.50 | 5 |
| 4. Hindi sapat ang oras o nakukulangan ako ng panahon sa pag-aaral lalo na kung mahirap ang mga gawaing pampagkatuto at may nakaset na dealine ng pagpasa. | 135 | 93.75 | 1 |
| 5. Nawawalan ako ng motibasyon at pokus na nagpapababa ng aking interes sa pag-aaral. | 126 | 87.50 | 5 |
| 6. Hindi sumasapat ang aking natutunan sa blended learning. | 132 | 91.67 | 3 |

| Hamon sa Blended Learning | Fakulti (N=24) | | |
|---|---|---|---|
| | **F** | **%** | **R** |
| 1. Mas magastos ang pagtuturo sa blended learning. | 19 | 79.17 | 6 |
| 2. Mahina ang internet connection tuwing ako ay nagtuturo. | 20 | 83.33 | 3 |
| 3.Hindi sapat ang oras o nakukulangan ako ng panahon sa pagtuturo. | 20 | 83.33 | 3 |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4.Hindi ko gamay gamitin ang opisyal na LMS ng aming instituyon. | 20 | 83.33 | 3 |
| 5.Nahihirapan akong isagawa nang sabay ang onsite at online na pagkaklase. | 21 | 87.5 | 2 |
| 6.Nakakapagod/matrabaho ang ganitong uri ng platform ng pagtuturo. | 22 | 91.67 | 1 |

**Mga Adaptibong Mekanismo ng mga Mag-aaral sa mga Hamong Nararanasan sa Blended Learning**

Makikita sa Talahanayan 3.1 ang mga adaptibong mekanismo na ginagamit ng mga mag-aaral. Ang *Sinisikap kong matutuhan nang ganap ang mga aralin sa pamamagitan ng panariling pagkatuto (Self-Directed Learning) gamit ang iba pang kaugnay na materyal* ang nangunguna na may bahagdan na 73.61%. Sunod dito, ang *sinisikap kong pag-aralan nang maigi ang mga leksyong kulang sa paliwanag ng guro* na may naitalang frekwensi na

**Talahanayan 3.1 Mga Adaptibong Mekanismo ng mga Mag-aaral sa Blended Learning**

| Adaptibong mekanismo | Mag-aaral (N=144) | | |
|---|---|---|---|
| | **F** | **%** | **R** |
| 1.Sinisikap kong maging aktibo sa pakikilahok sa mga gawaing pampagkatuto. | 87 | 60.41 | 3 |
| 2.Sinisikap kong matutuhan nang ganap ang mga aralin sa pamamagitan ng panariling pagkatuto (Self-Directed Learning) gamit ang iba pang kaugnay na materyal. | 106 | 73.61 | 1 |
| 3.Inaaral ko nang mabuti ang mga modyul na ina-upload ng guro para makasabay sa hybrid na pagkaklase. | 81 | 56.25 | 4 |
| 4.Nakikilahok ako sa mga ginagawang group study ng aking mga kaklase. | 28 | 19.44 | 5 |
| 5.Sinisikap kong pag-aralan nang maigi ang mga leksyong kulang sa paliwanag ng guro. | 95 | 66.0 | 2 |

95 (66.0%).Batay sa datos na ito, ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng interes at inisyatibong matuto sa kabila ng kakulangan sa suporta mula sa mga guro, na may kaangkupang konsepto ng *self-directed learning* ni Knowles, 1975. Batay sa resulta sa nasabing Talahanayan, nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay aktibong naghahanap ng mga paraan upang makayanan ang mga hamon at hadlang sa pag-aaral, gayundin na nagpapakita ng kakayahang umangkop sa bagong sistema ng edukasyon.

**Mga Adaptibong Mekanismo ng mga Fakulti sa mga Hamong Nararanasan**

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 164-174

**sa Blended Learning**

Sa tuluyang pagyakap ng blended learning sa mga institusyon, ang pagkatuto-pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa mahusay na paggamit ng teknolohiya kundi pati na rin sa kakayahan ng mga guro na umangkop sa makabagong paraan ng pagkatuto-pagtuturo sa kabila ng mga kinakaharap na hamon sa blended learning. Sa pamamagitan nito, mapapanatili ang kalidad ng edukasyon, at makakamit ang mga layunin sa pagtuturo.

Layunin ng sumunod na Talahanayan na tuklasin kung paano umangkop ang mga fakulti sa mga hamon ng blended learning. Sa kabuuang bilang na 24, binibigyang-bigat ng frekwensi na 18 (75%), ang *tinitiyak kong organisado ang mga gawain para sa onsite at online na pagkatuto.* Ang tamang organisasyon ng mga gawain ay nakatutulong sa mga mag-aaral upang mas madaling maunawaan ang mga aralin at nagbibigay sa mga guro ng mas maayos na daloy ng pagtuturo. Pumapangalawa ang *Sinisikap kong pag-aralan ang mga estratehiya na maaari kong gamitin upang mas maipaliwanag nang mahusay ang mga leksyon* na may na frekwensi na (14 o 58.33%). Lumalabas na karamihan sa mga fakulti ang hindi marunong gumamit ng mga opisyal na LMS ng institusyon kaya *sila'y gumagamit ng ibang LMS na alam gamitin tulad ng Google Meet* na binibigyang-bigat ng frekwensi na 13 (54.16%).

**Talahanayan 3.2 Mga Adaptibong Mekanismo ng mga Fakulti sa Blended Learning**

| **Adaptibong mekanismo** | **Fakulti** (N=24) | | |
|---|---|---|---|
| | **F** | **%** | **R** |
| 1. Inoorganisa ko ang mga gawain para sa onsite at online na pagkatuto. | 18 | 75 | 1 |
| 2.Sinisikap kong pag-aralan ang mga estratehiya na maaari kong gamitin upang mas maipaliwanag nang mahusay ang mga leksyon. | 14 | 58.33 | 2 |
| 3.Gumagamit ako ng ibang LMS tulad ng Google Meet at iba pa. | 13 | 54.16 | 3 |
| 4.Sinisikap kong maging aktibo sa pagtuturo gayundin ang aking mag-aaral na makilahok sa mga gawaing pampagkatuto sa online man o facer-face. | 11 | 45.83 | 4 |
| 5.Patuloy kong nililinang ang aking mga kasanayan sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya upang makaalinsabay sa hybrid na pagkaklase. | 10 | 41.66 | 5 |

**Konklusyon at Rekomendasyon**

Sa hindi inaasahang transisyon sa sistemang pang-edukasyon, lubusang masasabi na nagdulot ng malaking dagok sa likas na daloy ng prosesong pagtuturo at pagkatuto sa loob ng klasrum. Sinubukan ang lahat ng posibleng paraan upang maipagpatuloy ang daloy

ng edukasyon, at dito namayagpag ang online at offline na platforms kung saan inaasahan na halos lahat ay nakaranas o nakararanas ng mga hamon gaya ng paninibago sa paraan ng pagkatuto, nakukulangan sa panahon sa pag-aaral, nakakapagod o matrabaho ang pagkatuturo-pagkatuto sa blended learning at iba pa. Sa katunayan, hindi naging sagabal sa pag-usad at pagtugon sa mga ganitong mga inobasyon sa edukasyon, sapagkat nagawang lapatan ng mga solusyon sa pamamagitan ng mga adaptibong mekanismo na maituturing na epektibo dahil sa naging matagumpay pa rin ang pagpapatupad ng blended learning sa mga institusyong ito.

Kaugnay sa konklusyon ng pag-aaral, patuloy na gamitin ang pamamaraang hybrid o ang kombinasyong limited face-to-face classes sa mga sitwasyong nangangailangan ng tiyak na kaligtasan ng lahat ng mag-aaral at guro, gayundin na magsagawa ng regular na pagsusuri at ebalwasyon upang matiyak na ang modalidad na ito ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral, at fakulti. Patuloy na gamitin ang Google Meet at Google Classroom bilang pangunahing platform para sa online na pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan nito, maisaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral kung saan sila pinakamahusay na matututo na higit na madaling gamitin at higit na ekonomikal gaya rin ng iba pang konsiderasyon na mahalagang maibigay para sa lubusang pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayundin na gumamit ng mga makabagong metodo, dulog o lapit na magpapasigla at magpapayaman sa pagtuturo at pagkatuto sa ilalim ng Blended Learning; at paglaan ng pondo sa pagbili sa mga kagamitang kailangan sa blended learning.

Kinakailangan din na ang ibang kagamitang ginagamit sa pagkatuto at pagtuturo gaya ng mga modyul ay dumaan sa pagsusuri upang masiguro na ito ay epektibo. Paglikha ng gobyerno at pagpatupad ng mga kongkretong patakaran na susuporta sa isang bagong henerasyon ng mga tagapagturo ng blended learning sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw na direktiba at suporta para sa pangkalahatang pagkatuto-pagtuturo, kabilang ang mga polisiya at proseso sa pagtuturo at pag-aaral sa blended learning.

## Sanggunian

Attard, C., & Holmes, K. (2020). Technology-enabled mathematics education: Optimising student engagement. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781351189392

Bath, D., & Bourke, J. (2010). Getting started with blended learning. Griffith Institute for Higher Education.

Bervell, B., & Umar, I. N. (2018). Blended learning or face-to-face? Does Tutor

anxiety prevent the adoption of learning management systems for distance education in Ghana? Open Learning: The Journal of Open, Distance and e-Learning, 35(2), 159–177. https://doi.org/ 10.1080/02680513.2018.1548964. Mean-Chin. October 11,2020. Students' new normal: Modular Distance Learning www.uniquephilippines.com

Bonk, C. J., & Graham, C. R. (2012). *The Handbook of Blended Learning: Global Perspectives, Local Designs*. Wiley.

Garrison, D. R., & Kanuka, H. (2004). Blended learning: Uncovering its transformative potential in higher education. The Internet and Higher Education, 7(2), 95-105. http://dx.doi.org/10.1016/j.iheduc.2004.02.001

Garrison, D. R., & Vaughan, N. D. (2008). *Blended Learning in Higher Education: Framework, Principles, and Guidelines.* San Francisco: Jossey-Bass.

Ismail, A. O.,Mahmood, A. K., & Abdelmaboud, A. (2018). Factors influencing academic performance of students in blended and traditional domains. International Journal of Emerging Technologies in Learning, 13(02), 170–187. https://doi.org/10.3991/ijet.v13i02.8031.

Kuhlmann, T. (2015). *The e-learning designer's handbook: A practical guide to the e-learning development process for new e-learning designers*

Knowles, M. S. (1975). *Self-directed learning: A guide for learners and teachers*. New York: Association Press.

Molnar, A. (2017, April 11). Virtual Schools in the U.S 2017. National Education Policy Center.

UNESCO. (2020). "Education during COVID-19 and beyond." Retrieved from unesco.org

Singh, T. K. R., & Chan, S. (2014). Teacher Readiness on ICT integration in teaching-learning: A Malaysian Case Study. International Journal of Asian Social Science, 4 Singh, H., & Reed, C. (2001). A White Paper: Achieving success with blended learning, 6. Lexington, MA: Centra Software. http://dx.doi.org/10.2514/2.1489, 874-885.